**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 15, 137-146




# Salaysay ng pakikipagsapalaran ng mga seafarer sa panahon ng pandemya: Penomenolohikal na pagsusuri

Rebamonte, Geraldine ✉
*Cebu Normal University, Philippines (rebamonteg@cnu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 19 August 2024 **Revised**: 25 September 2024 **Accepted**: 1 October 2024
**Available Online**: 1 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24827

---

***Abstract***

The aim of this study is to examine and describe the descriptive experiences of seafarers during the pandemic. The study utilized Husserlian Descriptive Phenomenology and Collazzi's Seven Steps of Data Analysis to analyze and depict the narrated experiences of the seafarers. Five seafarers were selected through purposive sampling. Four thematic clusters were identified from their narrated experiences: fear and hardship, weakness and hope, trust and faith, understanding and appreciation. The results revealed similarities in aspects related to their goal of leaving the country and boarding a ship to earn a living, while differences emerged in their reasons, motivations, and situations. It was also discovered that family or loved ones were the main driving force behind their seafaring endeavors despite the ongoing pandemic. The researcher believes that the findings of this study are significant as they highlight the sacrifices and influence of seafarers for themselves, their families, and the nation. It is recommended that government officials strengthen and solidify livelihood projects in the country to provide alternatives for seafarers in case they are unable to board a ship for any reason or have reached retirement age. In teaching language and literature, it is recommended to use the descriptive narratives of seafarers.

***Keywords:*** seafarer, experience, journey, phenomenological

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial CC BY-NC

# Salaysay ng pakikipagsapalaran ng mga seafarer sa panahon ng pandemya: Penomenolohikal na pagsusuri


## 1. Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri at mailarawan ang deskriptibong karanasan ng mga *seafarer* sa panahon ng pandemya. Ginamit sa pag-aaral ang *Husserlian Descriptive Phenomenology* at *Collazzi's Seven Steps of Data Analysis* sa pagsusuri at paglalarawan sa mga salaysay na karanasan ng mga *seafarer*. Limang *seafarer* ang pinili gamit ang *purposive sampling.* Apat ang natuklasang klaster na tema mula sa kanilang mga salaysay na karanasan: *pangamba at paghihirap, kahinaan at pag-asa, tiwala at pananampalataya, pag-unawa at pagpapahalaga.* Nakita sa mga resulta ang pagkakatulad sa mga aspektong may kinalaman sa kanilang layunin na makalabas ng bansa at makasakay ng barko upang kumita, samantala nagkakaiba naman sa mga rason, dahilan at sitwasyong kinalalagyan. Natuklasan din na ang pamilya o mahal sa buhay ang puno't dulo ng kanilang pakikipagsapalaran sa barko sa kabila ng kasalukuyang pandemya. Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang mga natuklasan ng pag-aaral dahil ipinakita nito ang sakripisyo at impluwensiya ng mga *seafarer* para sa sarili, sa pamilya, at sa bansa. Inirerekomenda sa mga namamahala sa gobyerno na palakasin at patatagin pa ang proyektong pangkabuhayan sa bansa upang may mapagpilian ang ating mga *seafarer* kung sakaling sila ay di makasakay ng barko sa kung anong kadahilanan o kaya ay umabot na sa panahon ng pagreretiro. Sa pagtuturo ng wika at panitikan, inirerekomenda na gamitin ang mga deskriptibong salaysay ng mga *seafarer.*


***Mga susing salita:*** seafarer, karanasan, pakikipagsapalaran, penomenolohikal

## 2. Introduksiyon

Ang pandemik na Covid 19 ay naghatid ng malawakang pinsala hindi lamang dito sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo. Nabigla ang lahat sa pandemik na ito. Walang sinuman ang nakapaghanda upang ito ay mapuksa kaya, milyon-milyong tao ang nawalan ng buhay dahil sa virus na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa ring namiminsala. Buong mundo ay apektado, ang ekonomiya, pamumuhay, hanapbuhay, negosyo, lalong-lalo na ang kalusugan ay di nakaligtas sa virus na ito.

Ngunit sa kabila ng lahat patuloy pa rin sa pakikipagsapalaran ang ating mga *seafarer* na maitawid sa kahirapan ang kani-kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng pakikibaka na muling makasakay sa barko sa kabila ng lumalaganap na pandemik. Ang "pakikipagsapalaran" ay isang gawain o paghahanap ng magandang kapalaran sa ibayong dagat sa kabila ng kawalang katiyakan. Ito ay mula sa salitang "palad" na sumisimbolo para sa tadhana o kapalaran ng isang tao (Marasigan, et al., 2016). Iniuugnay ang konsepto ng pakikipagsapalaran sa paghahanap ng magandang buhay o suwerte, gaya ng inaasahang pag-angat ng kalagayan sa buhay na ang dahilan ay ang pangingibang-bansa (Hosoda, 2008). Ayon kay Asis (2006), dahil sa impluwensiya sa aspirasyon ng mga Pilipino at ang marubdob na suporta ng pamahalaan, ang pangingibang-bansa ay ibinansag na sa mga Pilipino bilang 'kultura ng migrasyon' sa Pilipinas. Sa kabila ng mga panganib na maaaring naghihintay sa kanila sa ibang bansa (Williams & Balaz, 2012).

Ayon sa *Seafarers International Research Centre* noong 2002 na 28% ng mga *seafarer* ay mga Pilipino at 81% sa mga ito ay may mataas na antas ng kahirapan (Zhao & Amante, 2005, pp. 537-539). Kung kaya naman, napipilitan silang lumayo at iwan ang mga mahal sa buhay maging ang sariling pamilya upang mabigyan ang mga ito ng magandang kinabukasan at maiahon sa kahirapan.

Itinuturing na OFW ang mga *seafarer*, ang mga bagong bayani ng bansa sa kasalukuyang panahon sapagkat malaking bahagi ang naitutulong nila sa pagpapadala ng mga dolyar na nakatutulong sa paglago ng ekonomiya ng ating bansa. Sinang-ayunan ito ni Ferrancol (2017), ayon sa kanya, ang mga OFW ay napilitang mangibang

bansa dahil sa kawalan ng magandang hanapbuhay, kawalan ng mga ari-arian o lupain, at kakulangan ng magandang serbisyo. Napipilitan silang kumapit sa patalim at humanap ng magandang kapalaran sa ibang bansa upang doon sana makaipon, makapagpundar at nang sa huli ay mabago ang kanilang kalagayan sa buhay.

Ang pag-aaral na ito ay may layuning masuri at mailarawan ang mga salaysay at mga karanasan ng mga Pilipinong internasyonal na mandaragat o mas kilala sa ngayong mga *seafarer*. Tiniyak na masuri ang sumusunod: mga suliraning naranasan nila sa panahon ng pandemya, epekto nito sa kanilang buhay, at mga paraan upang malampasan ang mga pagsubok na naranasan.

Inilahad nina Saleh et al. (2014), na ang tao ang siyang mismong humuhubog sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng mga kwentong naipon ng panahon mula sa kanilang mga karanasan na nagpapakilala sa sarili at maging sa ibang tao na binibigyan ng pagpapakahulugan mula sa mga kwento ng karanasan. Isa ito sa mga naging dahilan ng mananaliksik kung bakit nais niyang isagawa ang pag-aaral na nakatuon sa buhay ng mga internasyonal na mandaragat o mga *seafarer*.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat magbibigay-daan ito upang pukawin at imulat ang ating pamahalaan na mas patatagin pa ang ekonomiya, negosyo at mga pagawaan na makatutulong sa ating mga *seafarer* na mapaunlad ang kanilang kakayahan at kabuhayan dito sa ating bansa kasama at katuwang ang mga mahal sa buhay.

***Pagsakay sa Barko Bilang Pakikipagsapalaran -*** Ang pagsakay sa barko bilang isang gawain ay hindi madaling makasanayan ng mga *seafarer* bagkus ito ay itinuturing nilang isang pakikipagsapalaran. Nakikipagsapalaran sila sa barko kapalit ay sweldo na para sa pamilya at mga mahal sa buhay na sapat upang mabigyan ng maginhawang pamumuhay. Ang pakikipagsapalaran ayon kay Arnado (2010), ang tanging paraan upang tumaas ang kalagayan o antas ng buhay para sa mga taong naniniwalang wala namang mawawala sa kanila. Sapagkat malaki ang nakikitang oportunidad na mas mapadali ang pag-unlad o pagyaman ng naiwang pamilya ng mga *seafarer* habang sila ay nakasakay sa barko sapagkat dolyar ang kanilang ipinapadala sa mga kaanak sa Pilipinas. Sa kabila ng pagtitiis ng mga *seafarer* sa pakikisama sa mga kasamahang *seafarer* din at mga opisyal ng barko, kalahi man o hindi ay kailangang pakitunguhang mabuti. Pagtitiis sa kalagayan sa barko lalo na kung masama ang pakiramdam gaya ng pagkahilo, o pagsusuka dahil sa malalakas na alon na nararanasan araw-araw ay kailangang pa ring ipagpatuloy ang pagtatrabaho. Pagtitiis sa lasa ng pagkain sa araw-araw sapagkat ang mga tagapagluto ay maaaring ibang lahi na may ibang putahe at ibang kultura ng mga pagkain. Higit sa lahat, ang pagtitiis sa pagtatrabaho sa kainitan ng pandemya na maaari kang mahawa at mamatay. Ang pamilya ang tanging inspirasyon nila upang mapagtiisan nila ang lahat ng pakikipagsapalaran sa barko.

***Layunin ng Pananaliksik -*** Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga deskriptibong salaysay ng pakikipagsapalaran ng limang respondente bilang gabay sa pagbuo ng kumpletong paglalarawan (exhaustive description) ng mga *seafarer* sa panahon ng pandemya. Nilalayon din nito na masuri ang mga suliraning naranasan, epekto nito sa kanilang buhay, at mga paraan upang malampasan ang mga pagsubok na naranasan.

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ginamit sa pag-aaral ang na ito ang *Husserlian Descriptive Phenomenology at Colaizzi's Seven Steps of Data Analysis* sa paglalarawan at pagsusuri sa mga deskriptibong salaysay ng pakikipagsapalaran ng mga *seafarer*. Angkop gamitin ang deskriptibong penomenolohikal ni Edmund Husserl na isang kwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral upang lubos na mailarawan ang kahalagahan ng mga karanasan ng mga respondente. Ang deskriptibong penomenolohiya ay pinasikat ni Edmund Husserl na may layuning madiskubre, humagilap o maghanap at magpaliwanag sa kahulugan o kahalagahan ng isang tiyak na penomena na binibigyang-tuon (Pereira, 2012)

***Mga Respondente -*** Limang *seafarer* ang naging respondente ng pag-aaral na pinili sa pamamagitan ng *purposive sampling design.* Pinili ang mga respondente ayon sa pangangailangan ng pananaliksik (Black, 2010). Ang naging pamantayan sa pagpili ng mga respondente ay ayon sa inklusibong krayterya: una, isang *seafarer* na nakaranas sa penomena; ikalawa, handang magbahagi ng kanyang mga karanasan; at ikatlo, handang magsalita at tumugon sa mga katanungang kinakailangan sa pag-aaral.

***Instrumento ng Pag-aaral -*** Ang instrumentong ginamit ay binubuo ng dalawang bahagi - una, may dalawang *open-ended na tanong:* (1) Ano-ano ang karanasan na iyong kinaharap sa panahon ng pandemya? (2) Paano mo nalampasan ang mga pagsubok na ito? Samantala, ang pangalawang bahagi ay pagpapasulat ng kanilang deskriptibong salaysay ng pakikipagsapalaran. Binigyan ang mga respondente ng labinlimang araw bilang konsiderasyon sa kanilang mga gawain sa trabaho. Pagkatapos, ito ay ipinabalido sa isang propesor na nagtuturo sa antas gradwado ng wika, panitikan at pananaliksik.

***Mga Hakbang sa Pag-aaral -*** Sa pagsasakatuparan ng mga layunin, limang *seafarer* ang kinapanayam ng mananaliksik. Isinaalang-alang ang etikal na konsiderasyon sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot sa mga respondente. Sadyang pinalitan ng mga letra at bilang (R1, R2, R3, R4, R5) ang mga pangalan ng mga respondente (coding) upang mapanatiling *confidential* at mapangalagaan ang kanilang pagkakakilanlan. Bago sinimulan ang pangangalap ng datos, ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral at sila ay may kalayaang sumang-ayon o tumanggi sa pag-aaral. Pagkatapos ay binigyan ng *consent form* bago naganap ang panayam. Kasunod nito ang pagrerekord ng kanilang mga sagot gamit ang awdyo-teyp at pagkakaroon ng transkripsiyon. Upang makasiguro sa *data privacy act,* matapos ang pagsasagawa ng transkripsiyon ay binura ang lahat na mga awdyo-teyp ng mga respondente. Pagkatapos ay isinagawa na ang pagsusuri at pag-analisa sa mga datos gamit ang *Colaizzi's (1978) analytic method* na konsistent sa *Husserl's descriptive phenomenology.* Narito ang proseso na nagtataglay ng pitong hakbang:

- Pagbabasa sa lahat ng deskripsyon (protokol) para magkaroon ng pag-unawa sa kalagayan ng mga partisipante.
- Pagkuha sa mga makabuluhang pahayag.
- Pagbabalangkas o pagbuo ng pagpapakahulugan mula sa mga makabuluhang pahayag.
- Pagsaayos ng mga nabuong pagpapakahulugan ayon sa klaster ng mga tema.
- Pagkakaroon ng integrasyon sa resulta sa komprehensibong deskripsyon ng paksang sinusuri.
- Pagbuo ng komprehensibo o exhaustive deskripsyon ng penomena.
- Pagpapabasa sa mga respondente ng nabuong deskripsyon sa kanilang karanasan at hiningi ang kanilang suhestiyon o reaksiyon upang maisaayos ang anumang kakulangan

## 4. Mga Natuklasan

Inilalahad sa bahaging ito ang mga kinalabasan ng pagsusuri sa karanasan at pakikipagsapalaran ng mga *seafarer* na hinati sa apat na klaster na tema. Bilang proteksiyon at pagtugon sa *privacy act law* ginamit ang koding na respondente 1, respondente 2, respondente 3, respondente 4, at respondente 5 upang mapanatiling lihim ang kanilang pagkakakilanlan.

### *4.1 Klaster na Tema: Pangamba at Paghihirap*

*Pangamba*

Ang pangamba sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa takot o pagkatakot na naramdaman ng ating mga *seafarer* sa lumalaganap na *virus* habang sila ay nasa kontrata pa ng kanilang trabaho, ang ilan ay patungo pa sa

lugar kung saan sila sasakay ng barko at ang iba naman ay pauwi na sa Pilipinas (tapos na ang kontrata). Matinding pangamba ang naramdaman nina Respondente 1, 2, at 3 na baka mahawaan sila ng *virus*. Lalo na si Respondente 3, sapagkat siya ay patungo sa lugar kung saan nagsimula ang *virus* na Covid 19 upang doon niya salubungin ang kanyang sasakyang barko. Lalo siyang nag-alala nang nakaramdam siya ng mga sintomas ng *virus* habang siya ay gumaganap ng kanyang tungkulin. At si Respondente 2 naman ay nasa lugar na kung saan ito ay pinuntahan ng taong itinuring na siyang nagpakalat ng *virus* sa Plipinas. Nangamba siya para sa sarili at sa kanyang pamilya dahil sa mga balitang parami nang parami ang namamatay sa *virus* na ito. Samantala, si Respondente 1 ay nagpositibo sa ginawang *swab test* sa kanila bilang bahagi ng kanilang *medical clearance* kaya, isinailalim muna siya sa 14 na araw na *quarrantine,* mabuti na lang at hindi pa dumating ang barkong kanyang sasakyan. Sa kabilang banda, sina Respondente 4 at 5 ay nangangamba naman para sa kanilang magiging kalagayan sa nasabing sitwasyon. Si Respondente 4 ay paaalis pa ng bansa, natatakot siya na maabutan ng *lockdown* at manatili sa isang bansa na hindi pamilyar sa kanya at kaunti lang ang nakapagsasalita ng Ingles. At si Respondente 5 na nasa barko pa ay nangangambang bumaba ng barko at umuwi ng Pilipinas dahil siguradong mawawalan siya ng trabaho, sasailalim pa siya sa ilang linggong *quarrantine* at tiyak na makukulong pa sa bahay dahil sa *lockdown.*

<u>Paghihirap</u>

Ang mga pangambang naramdaman ng ating mga *seafarer* ay may kaakibat na paghihirap o pagdanas ng matinding kahirapan at pagtitiis. Ayon kay Respondente 1:

> *"Nakababa ako ng barko na walang kapalitan dahil sa Covid… buti na lang umakyat sa barko namin 'yung opisyal ng PORT STATE CONTROL (PSC), pagtingin sa aming kontrata ng mga kasamahan ko…15 months na kami... kaya sinabihan 'yung Kapitan namin ng PSC na kapag di n'yo pa pauwiin 'yung mga crew n'yo ma-detain 'yang barko nyo… 'Yun, tuwang-tuwang kami ng mga kasamahan ko kasi nababaliw na kami do'n, konting asar lang parang ang sarap nang makipag-away."*

Ang pahayag na ito ay nagpapatunay lamang na si Respondente 1 ay dumanas ng kahirapan at pagtitiis sa paghihintay bago nakababa ng barko, bagama't pinauwi na ay marami pang prosesong pinagdaanan gaya ng pag-*swab test* at pag-*quarrantine* ng 14 na araw bago makauwi sa kanilang lugar.

> *"Naka-lockdown na ang buong syudad ng Cebu City habang kami naman ay Anchorage sa ganu'ng din syudad, walang pinapabiyahe na barko at dama namin ang hirap ng iba lalo na sa mga nababalitaang namamatay araw-araw. Kaming lahat sa barko ay hirap na hirap na rin. Hindi na kami basta-basta nakabababa ng barko upang bumili ng makakain at kunsomo sa araw-araw. Dumating ang oras na mauubusan na kami ng makakain, 5 buong manok at kalahating sakong bigas na lang ang natitira para sa 25 katao na kakain. Ang lahat ng kunsomo namin ay naubos na, may pera man kami hindi naman maibili, pati ang ibang kasamahan ko na nasa kanila ang ATM card at di rin makapag-withdraw upang makapagpadala ng pera sa mga mahal nila sa buhay."*

Ito naman ang pahayag ni Respondente 2 na naranasan niya habang siya ay nasa barko pa. Dumanas ng kahirapan sa pakikisama sa mga kasamahan, di makabili ng mga pangangailangang pansarili at di makapagpadala ng pera sa pamilya sapagakat di nga makababa ng barko. Dahil sa siya ay nakakontrata di niya magawang iwan ang trabaho kaya, kailangang magtiis hanggang sa matapos ang kontrata.

*4.2 Klaster na Tema: Kahinaan at Pag-asa*

<u>Kahinaan</u>

Ang kahinaan ay tumutukoy sa isang kalagayang pantao na maaaring may kakulangan sa kakayahan, lakas o

kasanayan na makikita sa gawa o taglay ng isang tao. Sa pag-aaral na ito, ang kahinaan ay taglay ng mga *seafarer*, marahil epekto ito ng lumalaganap na pandemya. Para kay Respondente 1, kahinaan ang ma-*line up* na (ibig sabihin paalis na ng bansa at may iskedyol na) ngunit *expired* lahat ng papeles at kailangang i-*renew*. Sa ganitong sitwasyon, wala siyang magawa kung di ang lumuwas ng Maynila sa gitna ng kainitan ng pandemik na Covid 19, susuungin ang anumang panganib ma-*renew* lang ang lahat ng papeles niya. Dagdag pa niya, na naistambay siya na umabot ng 7 buwan sa Maynila. Para naman kay Respondente 2, maituturing na kahinaan yung sitwasyon na gustong-gusto mong magtrabaho para matapos ang iyong gawain sa barko ngunit hindi mo magawa nang maayos dahil pinapatay ang *generator* sa barko upang makatipid sa krudo ang barko at ang utos ay mula sa opisina sa loob ng apat na buwan. Dagdag pa niya, madalas na may nag-aaway na mga kasamahan dahil sa kahirapan na sa barko at problema sa pamilya. Ito ay nagpapakita ng kahinaan o negatibong reaksyon ng isang indibiduwal sa mga nagaganap sa kanyang paligid. Si Respondente 3, naman ay negatibo kung mag-isip, nag-aalala siya sa kanilang *health situation,* naisip niya na sa barko na sila mamamatay kung sakaling magkaroon sila ng *virus* dahil walang mga gamot na magagamit at nasa gitna sila ng karagatan. Kahinaan ding maituturing ni Respondente 5 ang paghinto na sa pagtanggap ng pasahero ang kanilang barko at kailangan na silang ilipat sa ibang barko dahil sa lumalalang pandemya sa buong mundo at kailangang sumailalim din sila sa ilang araw na *quarrantine*. Di man niya gustong mangyari ang mga ito, wala siyang kakayahan upang mapigilan ang lahat ng ito bagkus, sumunod na lamang sa ipinapatupad na *protocol* at alituntunin ng kanilang kompanya.

<u>*Pag-asa*</u>

Sa kabila ng mga kahinaang ito ay may nakikita pa rin ang pag-asa sa ang ating mga *seafarer*. Mga paniniwalang tatamuhin ang ninanais o darating ang matagal nang hinihintay at pinapangarap. Gaya ni Respondente 1 na ilang buwan nang naantala ang pag-uwi sa Pilipinas dahil walang kapalit sa barko. Nang malaman ito ng PSC opisyal at nagpahayag na “pag di n’yo pa uwiin ‘yung *crew* n’yo ma-*detained* iyang barko n’yo”, ito ang nagbigay sa kanya ng pag-asa at saya na makakauwi na siya. Lalo na nang makuha na nila ang kanilang *flight details* mula sa opisina at ang maganda pa nito sagot o gastos lahat ng OWWA ang hotel akomodasyon, pamasahe, at pagkain nila. Sa pagnanais naman na malaman ang mga pangyayari sa buong mundo inasa ni Respondente 2 ang lahat sa midya. Buong araw silang sumusubaybay sa mga balita sa tulong ng kanilang mga selpon. Sa kalagayan nila sa barko, ang Badyaw ang tangi nilang pag-asa. Ito ang inuutusan nila para bumili ng makakain, tubig na maiinom, magpadala ng pera sa pamilya at kung ano-ano pang mga kailangan nila. Subalit, ito ay sinamantala ng Badyaw, pumapayag siya na utusan ng kung ano-ano na ang kapalit ay papatungan niya ang anumang ipabibili sa kaniya kaya naging mahal ang lahat ng bilihin, dagdag pa nito na nasa gitna sila ng karagatan kaya wala silang magawa kahit magkano ang ipatong nito. Sa kabilang banda, napakasaya naman ni Respondente 3, sapagkat sa kabila ng pandemya ay may trabaho na naman uli siya at may *allotment* na matatanggap ang kanyang asawa para sa mga gastusin nila sa bahay at sa pag-aaral ng kanyang dalawang anak. Ito ang tangi nilang inaasahan na makatutulong at mapagkukunan ng pinansyal na suporta para sa buong pamilya. Samantala, si Respondente 5 ay malungkot naman sa balitang pauuwiin lahat ng tripulante dahil sarado na ang lahat ng mga paliparan at daungan kaya ang kanilang mga barko mismo ang naghatid sa kanila sa Pilipinas. Ito ay pag-asa para sa kanya, una, makikita na niya ang pamilyang matagal na di nakasama, pangalawa, inaasikaso naman ng kumpanya ang kanilang pagkain at pangangailangan habang sila ay papauwi. Naiiba si Respondente 4 dahil siya ang naging pag-asa ng mga nakararamdam ng kahinaan at kawalan ng pag-asa dahil sa dinaranas na paghihirap na dulot ng pandemya. Nagsilbi siya lider ng 55 katao na pinabalik sa Pilipinas dahil sa *lockdown.*

*4.3 Klaster na Tema: Tiwala at Pananampalataya*

<u>*Tiwala*</u>

Ang salitang tiwala ay maaaring magkaroon ng maraming kahulugan ngunit sa pag-aaral na ito ay maiuugnay sa kumpiyansa sa sarili, pag-asa na may isang bagay na mabubuo alinsunod sa mga inaasahan. Ito ay makatutulong upang magpatuloy sa layunin sa kabila ng mga kakulangan, panghihina ng loob, o paghihirap na

dinanas. Para kay Respondente 1, may tiwala siya sa kanyang mga kaibigang opisyal na irerekomenda siya at isasama sa barko dahil sa kanilang magandang pinagsamahan. Dagdag pa niya, naging mabuti at mabait ako sa kanila kaya ramdam ko na hindi nila ako kakalimutan. Si Respondente 2 naman dahil sa epekto ng pandemya at hirap na naranasan sa barko minabuti niya na mag-resign at humanap ng ibang trabaho. Malaking ang tiwala niya sa Diyos na makakahanap siya ng ibang mapapasukan trabaho. Para naman kay Respondente 3, tiwala siya sa kanyang sarili na hindi Covid 19 ang sakit na nararamdaman niya sapagkat ginawa naman niya ang lahat ng pag-iingat at protocol na pinasusunod sa kanila ni Kapitan kaya batid niya na hindi virus ang tumama sa kanya, kaya naman laking tuwa niya nang mag-negative siya sa swab test. Si Respondente 4 naman ang pinagkatiwalaan ng 55 seafarer na pinauwi ng Pilipinas dahil sa epidemya. Di niya akalain na mapapasunod niya ang mga ito sa kabila ng mga dinanas na kahirapan sa pag-uwi at pagkagutom dahil sa walang mabilhan o makainan man lang. Pero dahil sa nangibabaw ang pagtitiwala ng mga kasamahang seafarer sa kanya ay nagawan niya ng paraan na sila ay makakain sa gitna ng lockdown sa Maynila. Nagtiwala rin siya sa mga opisyal ng barangay na tutulungan siyang mapakain ang 55 katao na pinauwi mula sa barko. Samantala, si Respondente 5 ay nagpakita rin ng labis na tiwala sa isang kaibigan na nagpakita ng pagmamalasakit, pagmamahal at pag-unawa sa napakagulong damdamin at pag-iisip niya ng mga panahong iyon. Dagdag pa niya, napakapositibong tao nito na tila walang iniisip na suliranin sa mundo. Isang taong maparaan at walang hindi kayang gawin basta maniwala ka lang sa sarili.

*Pananampalataya*

Ang pananampalataya sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa paniniwala sa isang Diyos na makapangyayari sa lahat ng hinihiling kung may paniniwala, pagtitiwala, at pagtitiyaga. Para sa Respondente 1, madalas siyang magpasalamat sa Diyos sa mga positibong nangyayari sa kanyang buhay gaya ng pagsakay muli sa barko pagkatapos ng 7 buwan na istambay at higit sa lahat ang matagal nang pinapanalangin sa Diyos na maging opisyal sa barko ay tinugon na. Para naman kay Respondente 2, dalangin niya sa Poong Maykapal na pag-ingatan ang kanyang mga mahal sa buhay sa panahon ng pandemik. Bagama't di lahat ay napag-ingatan sapagkat ang kanyang dalawang ina (sariling ina at ina ng kanyang asawa) ay suspetsang tinamaan ng virus na naging dahilan ng kanilang kamatayan. Hiniling din niya na mabigyan niya ng magandang buhay ang pamilya kaya, buo ang tiwala niya sa Diyos na makakahanap siya ng ibang mapapasukan. Dahil sa kanyang matinding pananampalataya at pagtitiyaga laking pasasalamat niya sa Diyos dahil ngayon ay isa na siyang Instructor sa isang pribadong Training Center sa Maynila. Hindi na siya sumakay pa ng barko. Pasasalamat din sa Diyos ang sambit ni Respondente 3, dahil hindi siya nahawaan ng virus at negatibo ang naging resulta ng kanyang swab test. Si Respondente 4, ay taos-puso ring ipinasasa-Diyos ang lahat ng kanyang pagtulong sa 55 kasamahang seafarer na pinauwi sa Pilipinas. Siya ang naging daan upang ang lahat ay kumalma, mapanatag ang kalooban at umasa na sila ay ligtas na makauuwi sa kani-kanilang mga tirahan. Naniniwala naman si respondente 5, na ang lahat ng nagaganap sa buhay niya ay kilos ng Panginoon. Kaya, nagpapasalamat siya sa napakaraming itinuro at ipinaintindi sa kanya ng Panginoon sa pamamagitan ng mga taong nakilala, nakasalamuha at nakausap niya.

*4.4 Klaster na Tema: Pag-unawa at Pagpapahalaga*

*Pag-unawa*

Ang pag-unawa sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa interpretasyon ng ating mga *seafarer* sa bisa ng mga katotohanang naganap at naranasan kaugnay sa ginawang niyang pag-uugali o pagtugon sa sitwasyon. Ito ay kinabibilangan ng pag-unawa sa sitwasyon, sa kapwa, sa kaibigan, sa pamilya, sa trabaho at sa sarili. Para kina Respondente 1, 2, 3, 4 at 5, nagkakaisa sila na naging mas malawak ang kanilang pag-unawa sa lahat ng naganap sa kanilang buhay. Batid nila na ito ay bahagi ng mga pagsubok sa buhay dahil sa mga pangyayari naging matatag sila at lalo pang nagsumikap upang mas mapaunlad ang kasalukuyang kalagayan sa buhay. Tanging ang Diyos lamang ang nakakaalam sa kung ano ang bukas kung kaya, ang lahat ay ipinasasa-Diyos na lamang positibo o negatibo man ang naging resulta nito. Taos-pusong pasasalamat ng ating mga *seafarer* sa Poong Maykapal na nalampasan ang mga di magandang pangyayari sa buhay sa panahon ng pandemya.

*Pagpapahalaga*

Ang pagpapahalagang tinutukoy sa pag-aaral na ito ay ang pagbibigay ng importansya sa isang tao, sa pamilya, sa sarili o sa isang bagay na nasa paligid natin at ito rin 'yung pagpapakita ng importansiya sa kanila. Para kina Respondente 1, 2, 3, at 5, natutuhan nila sa panahon ng pandemya ang pagpapahalaga sa pamilya at sa sarili. Lalo siyang nagsumikap upang tumaas ang kanyang ranggo at ngayon na isa na siyang opisyal (Respondente 1) at lumaki rin ang kanyang sahod sapat upang matugunan ang mga pangangailangan ng pamilya. Dahil sa pagmamahal sa pamilya isinakripisyo ang pagiging isang *seafarer* at naghanap ng ibang trabaho na malapit sa pamilya (Respondente 2), ngayon ay isa na siyang *Instructor* sa isang *Training Center* sa Maynila. At ang pagsakay sa barko sa gitna ng pandemya sa lugar pa mismo kung saan nagmula ang *virus* ay hindi alintana makabalik lang ng sakay sa barko para sa pamilya (Respondente 3). Ang pagpapahalaga sa sarili ay naipakita nila sa pamamagitan ng pag-iingat na hindi mahawaan ng *virus* upang makapagpatuloy sa piniling trabaho. Para kay Respondente 5, mas inuuna na niya ang sarili kaysa sa ibang tao. Hindi na siya magpapaalipin muli at sisiguruhin na mabigyang-halaga ang sarili bago ang iba (dahil sa naging karanasan bago ang pandemik). Samantala, si Respondente 4, ay nagpakita ng pagpapahalaga sa kaibigan at sa kanyang mga kasamahan sa trabaho. Hindi niya iniwan ang bagong kakilala na *first time* pang sasakay ng barko at naging kaibigan niya sa kainitan ng pandemya. Dahil walang karanasan at wala ring pera kaya, kinupkop niya ito at ginabayan hanggang sa makauwi sa kanila. Ipinakita rin niya na siya ay isang mabuting modelo na dapat tularan, nagawa niyang pamunuan ang 55 *seafarer* na nakasabay niya sa pag-uwi sa Pilipinas.

### *4.5 Exhaustive Deskripsiyon sa Karanasan ng mga Seafarer*

Bilang tugon sa layunin ng pag-aaral, nabuo ang *exhaustive* deskripsyon o komprehensibong paglalarawan sa buhay ng mga *seafarer*. Ang deskripsyong ito ay nakabatay sa mga temang nabuo na mababasa sa resulta ng pag-aaral na ito. Ang karanasan ng mga *Seafarer* sa pangingibang-bansa o pagsakay sa barko sa panahon ng pandemya ay nagdulot sa kanila ng matinding pangamba at kahirapan sa sarili, sa pamilya, sa kalusugan at sa lipunang ginagalawan, kaakibat din nito ang pagtitiis at pag-aalala. Naging mahirap para sa kanila ang pagsasaayos ng kanilang mga papeles dahil sa limitado ang mga bukas na establisyamiento at mga opisina na kinakailangan puntahan upang ma-*renew* ang kanilang mga dokumento.

Lungkot at saya naman ang naramdaman ng mga iniwang pamilya. Batid nila na sa paglisan ng kanilang mahal sa buhay patungong ibang bansa (sa barko) ay walang katiyakan ngunit kapalit nito ay saya dahil sa malaking sahod o *allotment* na matatanggap nila buwan-buwan sapat sa pangangailangan ng pamilya. Nangangamba naman ang lahat sa kanilang kalusugan dahil sa *virus* na *Covid 19*, walang sinisino ang *virus* na ito, mayaman man o mahirap, may trabaho o wala, bata o matanda man ay hindi pinaliligtas ng *virus* na ito. Kaya, dobleng pag-iingat ang kanilang ginawa upang maiwasan ang sakit na ito. Ang isa sa ating *seafarer* ay nakaranas naman ng diskriminasyon mula sa barangay na inuwian. Masaya na sana siyang nakauwi sa kanyang bahay nang mismo ang kabarangay ang siya pang naging hadlang upang siya ay katakutan kaya hindi nakauwi sa kanila dahil kailangang ipatupad ang protokol na ilang beses niya nang ginawa.

Sa kabilang banda, dahil sa sinubok sila ng panahon at pagkakataon, ipinakita ng mga *seafarer* ang kanilang natatanging kakayahan na makayanan ang lahat ng pagsubok, kakayahan na umangkop sa iba't ibang sitwasyon na dulot ng pandemya upang matugunan nila at mabigyan ng solusyon ang kani-kanilang mga suliranin sa buhay. Inihayag ng mga respondente na dahil sa mga karanasang ito ay mas lalo pang napatibay ang kanilang pag-uugali, paniniwala, pag-asa at positibong pananaw na may magandang bukas pa na darating at mas lumawig pa ang kanilang pasensya at pagtitiyaga tungo sa kanilang trabaho bilang mga *seafarer.*

## 5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri at mailarawan ang karanasan ng mga *seafarer* sa panahon ng pandemya. Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang mga natuklasan ng pag-aaral dahil ipinakita nito ang

sakripisyo at impluwensiya ng mga *seafarer* para sa sarili, sa pamilya at mahal sa buhay, at sa bansa.

Natuklasan sa pag-aaral na anoman ang naging paghihirap at pagpapakasakit ng mga *seafarer* ay hindi nito alintana dahil sa tindi ng pagmamahal sa pamilya at mga mahal sa buhay na siyang sandigan at pinagkukunan ng lakas upang makipagsapalaran sa ibang bansa. Karamihan sa mga *seafarer* ay may mga pamilyang sinusuportahan sa Pilipinas. Kung wala man silang pamilya ay mayroon silang pangarap na makapag-ipon para sa sarili at sa kanilang magiging pamilya sa hinaharap, isang katangiang nagpapakita rin ng "pagkalalaki" ng mga lalaking *seafarer* o kilala rin bilang mga *seaman* (McKay, 2010). Dahil din ang pagiging *seaman o seawoman* ay isang propesyon na kanilang pinaghandaan mula pa noong sila ay nasa kolehiyo at patuloy na pinaghahandaan sa kanilang mga *seminar* at *training*, ito lamang ang pangunahing puhunan nila. Sa gayong dahilan, ang pangangailangang kumita ng pera sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa barko ay hindi maihihiwalay sa karanasan ng *seafarer* bilang mga manggagawa.

Sa apat na klaster na temang nabuo, ang Klaster na temang: Tiwala at Pananampalataya at Klaster na temang: Pag-unawa at Pagpapahalaga ang nakitang parehong malakas sa apat na klaster na tema. Sa kabila ng pandemya, lubos nilang naipakita ang kanilang tiwala sa sarili, sa kapwa, sa pamilya, sa mga opisyal nila at sa pamamalakad ng pamahalaan. Buo ang loob sa pananampalataya sa Panginoong Diyos na siyang tanging kinakapitan sa lahat ng pagkakataon lalo na sa panahon ng kagipitan at kapahamakan. At sa kabila ng pandemik, naging lubos ang pag-unawa sa lahat ng bagay, gayundin pagpapahalaga sa buhay na natatangi at naiiba.

Sinasaklaw lamang ng pag-aaral na ito ang pagtuklas sa karanasan ng mga *seafarer* at ang mga datos ng pag-aaral ay limitado lamang sa mga tugon at karanasan ng mga respondente. Kaya, ang pag-aaral ay umiikot lamang sa resulta ng ginawang *in-depth interviews* ng mga *seafarer* (Augusto, 2020).

Mula sa mga natuklasan, inirerekomenda ng mananaliksik sa mga namamahala sa gobyerno na palakasin at patatagin pa ang proyektong pangkabuhayan sa bansa upang may mapagpilian ang ating mga *seafarer* kung sakaling sila ay di makasakay ng barko sa kung anong kadahilanan o kaya ay umabot na sa panahon ng pagreretiro. Sa larangan naman ng pagtuturo ng wika at panitikan, inirerekomenda na gamitin ang mga deskriptibong salaysay ng mga *seafarer.* Sa Kabilang banda, iminumungkahi ng mananaliksik na paramihin at dagdagan pa ang mga pagsasanay, seminar-worksyap at iba pang gawaing pampaunlad sa mga kakayahan ng ating mga *seafarer* na magagamit nila kahit sila ay naririto lamang sa bansa upang patuloy na maitaguyod ang pamilya. Napakahalaga rin ng papel ng OWWA bilang ahensyang susuporta sa mga *seafarer* sa loob o labas man ng bansa. Iminumungkahi rin na magsagawa pa ng mga karagdagang pag-aaral na nakatuon sa mga aspektong di sakop ng kasalukuyang pag-aaral tulad ng: mga karanasan ng mga *seafarer* sa panahon ng kalamidad, mga saloobin at hinaing ng mga *seafarer* sa pamamalakad sa loob ng barko at iba pang pananaliksik na may kinalaman sa buhay ng mga *seafarer* sa bansa.

## 6. Sanggunian

Asis, M. (2006). The philippines' culture of migration. Kinuha: Disyembre 11, 2015, mula sa Migration Policy: goo.gl/wiPAsY

Augusto, W. (2020). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng filipino bilang out-of-field: isang penomenolohikal na pagsusuri. *The Normal Lights 14*(2), 195-220. (Volume 14, No. 2).

Arnado, J. (2010). Performances across time and space: drama in the global households of filipina transmigrant workers. *International Migration*, 133-154.

Black, D. M. K. (2010). Business statistics for contemporary. Wiley.

Colaizzi, P. F. (1978). Psychological research as the phenomenologist views it.

Ferrancol, N. K. M. (2017). Balikbayan: mga kwentong-buhay at pakikibaka ng mga babaeng OFW returnee para sa kalusugan at kaginhawaan. Retrived 2017 -05from http://dspace.cas.upm.edu.ph:8080/xmlui/handle/123456789/1082

Hosoda, N. (2008). Connected Through "Luck": Samarnon Migrants in Metro Manila and the Home Village.

*Philippine Studies, 56* (3), 313-344.

Marasigan A.P. et.al (2016). Sarap at Hirap: Mga Kuwentong Pakikipagsapalaran ng mga Filipinong Seaman at Filipinang Household Service Worker. Diwa E-Journal (2016) Tomo 4; 39-58

McKay, S. (2007). Filipino Sea Men: Constructing Masculinities in an Ethnic Labour Niche. *Journal of Ethnic and Migration Studies, 33* (4), 617-633.

Pereira, H. R. (2012). Rigour in phenomenological research: reflections of a novice nurse researcher. *Nurse researcher,* 19(3).

Saleh, M., Mennon, J., & Clandinin, D.J. (2014). Autobiographichal narrative inquiry: tellings and retellings. Learning Landscapes, 7(2). 271-282.

Williams, A., & Balaz, V. (2012). Migration, Risk, and Uncertainty: Theoretical Perspectives. Population, Space, and Place, 167-180.

Zhao, M., & Amante, M. S. (2005). Chinese and Filipino Seafarers: a race to the top or the bottom? Modern Asian Studies, 39(3), pp. 535-557.